
# NAIPIT SA *DEAD-END* NA KALYE

**A Lord's Flock Praise and Worship Topic**

Ni: Sis. Techie Rodrigue, Elder-Founder

Setyembre 29, 2024

Ang *dead-end* na kalye ay isang kalsada na *one way* lamang papasok o palabas wala ng lulusutan. Maraming pagkakataon na ang ating buhay ay punong-puno ng *dead-end*: sa hanap-buhay, relasyon, pananalapi, atbp. Minsan hindi umaayon sa ating plano ang mga bagay at mga pagkakataon dahil nag*short-cut* tayo. Sa kwento ng mga Israelita sa Exodo 3-14, pinatunayan ng Diyos na tinulungan silang makaligtas sa *dead-end* nilang sitwasyon sa Dagat ng mga Tambo.



1. **Pinili ng Diyos si Moses na iligtas ang mga Israelita laban sa mga Egipcio.**
   - 1.1. Punongkahoy na nagniningas. Inihayag ng Diyos na pinili Niya si Moses na kumbinsihin ang Faraon para iligtas ang mga Israelita sa paghihirap nila sa Egipto. Gayunpaman, tumanggi si Moses at marami siyang dahilan; ipinangako ng Diyos na sasamahan siya ni Aaron, tagapagsalita niya.
   - 1.2. Nagpadala ng sampung salot ang Diyos. (Exo.12:31). Pinayagang umalis ang mga Israelita dala ang lahat nilang mahahalagang bagay pagkamatay ng panganay na lalaki ng Faraon.
   - 1.3. Ang Exodo. Halos dalawang milyong Israelita kasama ang kani-kanilang pamilya at mga alagang hayop ang naglakbay sa disyerto.
   - 1.4. Pinadaan sila ng Diyos sa mas mahabang daan patungong dagat ng mga Tambo dahil alam Niya hindi pa sila handang lumaban. Nauna ang Diyos sa kanila. Binigyan sila ng haliging apoy sa gabi at ulap sa araw para sa kanilang paglalakbay, (Exo. 13:21-22).
   - 1.5. Mag *U-turn*. Sinabihan ng Panginoon si Moses na mag *U-turn* kung saan hindi maintindihan ng mga Israelita dahil alam nila ang pinakamalapit na daan.
   - 1.6. Nagbago ang isip ng Faraon (Exo. 14:5). Sinabihan niya ang kanyang mga kawal na habulin ang mga umalis na Israelita.
   - 1.7. *Dead-end* ang Dagat ng mga Tambo. Nakita ng mga Israelita naipit na sila sa pagitan ng Dagat ng mga Tambo at sa mga humahabol na 600 na kawal Egipcio.
   - 1.8. Nalito ang mga Israelita at natakot (Exo. 14:10). Nakita nila ang haligi ng alikabok at ang mga humahabol na mga Egipcio. Maski kitang-kita nila ang sampung salot at kung paano sila iniligtas ng Diyos, dumaing pa rin sila sa Panginoon
   - 1.9. Nagreklamo ang mga Israelita laban kay Moses at sa Diyos at gusto na nilang bumalik sa Egipto.
   - 1.10. Iniligtas ng Panginoon ang mga Israelita.
2. **Paano iniligtas ng Diyos ang mga Israelita?** Gumawa ang Diyos ng tatlong himala:
   - 2.1. Inilagay Niya ang ulap sa pagitan ng mga Israelita at mga kawal Egipcio.
   - 2.2. Hinati Niya ang Dagat ng mga Tambo gamit ang tungkod ni Moses para makatawid ang mga Israelita.
   - 2.3. Nilunod Niya ang mga Egipcio pagkatawid ng mga Israelita sa Dagat ng mga Tambo.
3. **Bakit gumawa ng ganitong himala ang Diyos?**
   - 3.1 Para mabigyan sila ng biyaya.
   - 3.2 Para turuan silang magtiwala.
   - 3.3 Para ipakita ang Kanyang kaluwalhatian. Pinatigas Niya ang puso ng Faraon.

**Konklusyon:** Hindi madali ang buhay paglalakbay dito sa mundo. Dapat may gabay lagi ang Diyos at pinapakinggan ang Kanyang tinig sa bawat hakbang. Alam ng Diyos ang gagawin; huwag mag *short-cut* para hindi mapunta sa *dead-end* na sitwasyon.

**Pagninilay:**

1. Nakaranas ka ba ng sitwasyong *dead-end*? Paano ka nakalabas sa ganitong sitwasyon?
2. Sa iyong pananalangin, isinasangguni mo ba sa Diyos ang iyong mga plano o itinutuloy mo na ang iyong desisyon?

**Scribes Ministry:**
Isinalin ni: Nida cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #Pagtitiwala #Pagsunod